Ang Storyang ito ay kathang isip lamang ng writer (mahirap na baka sabihing gaya-gaya!). Na inspire din siguro kaya nakagawa ng storyang ganito. XD

Bago pa akong writer dito kaya pagtyagaan niyo sanang basahin. Sana ay magustuhan niyo kahit hindi man siya kagaya ng sa iba na super-duper bonggang bongga pero ginawa ko pa rin ito ng may puso <3 (patay na siguro ako pag wala nun...bwahahah)

P.S. pag pasensyahan niyo na rin ang mga "wrong GRAMMING este mga ungrammatical", "typographical errors" at "iba pa" sa storya na ito. Kaya kailangan ng patnubay ng magulang upang ma koreksyonan….xoxo ^^

# When Vanity Strikes

Sinulat Ni 143SuperBOY

**PROLOGUE**

Sa isang click nagbabago ang ating kapalaran..

Minsan masaya,

Minsan gusto mo nang iluwa ang iyong mga mata maibsan lang ang hapdi na iyong nararamdaman

Ngunit kahit mag end of the world pa man

O kainin pa si Superman ng mga langgam

Ang buhay mo ay nakasalalay sa iyong mga desisyon

Kaya sa bawat Yes at No  na iyong pipiliin

Isaisip lagi ang mga kaakibat na kalalabasan

Kaya chill lang,

Mag smile,

At mag pose.

Coz our lives starts….

## When Vanity Strikes.

//Entry 1. UNEXPECTED

**"Tonyang!!!**

**Bumangon ka na…"**

Iyan lagi ang bumubungad sa akin tuwing umaga.

Para bang human alarm clock.

Hindi ko naman ma patay patay.

Pero joke lang..

Hindi ko papatayin ang Uncle ko.

Mga readers!

Ako nga pali si "Antonia Bretilda Czechoslovakia Anak Ng Aking Mama At Papa (kanino pa ba??)  Na Iniwan Ako Nung Bata Pa aka Tonyang Cruz".

In short ako si Antonia Cruz. Echos lang yung iba!

Isang on the way na College Sophomore student na walang ibang magawa kundi kumuha ng picture sa aking sarili.

Oo! Kahit hindi ako masyadong maganda, kinukunan ko lagi ang aking sarili.

Bagong gising man o nakaligo na.

Ewan ko ba. Mahal ko kasing itong digi cam ko eh.

Gusto ko lang talaga picturan sarili ko. Wala lang, pake mo??heheh

**“Picture ka nalang ng picture diyan, bumangon ka na at magluluto ka pa”** pabulalas na sigaw ng Uncle ko.

4:00 AM.

Iyan ang oras na ginigising ako ng aking Uncle.

“Hahay. Buhay nga naman”,buntong hininga ko habang dahan dahan na tumayo sa aking kama.

Ang aking Uncle at Aunty na ang nagpalaki sakin nung iniwan ako ng aking ina sa kanila.

At ang ama ko? Ewan. Iniwan ang aking nanay at sumama sa iba.

Common na storya na diba?? Iniwan yung babae tsaka sumakabilang bahay yung lalaki.

Eto namang nanay ko wala man lang paalam kung saang lupalop pumunta.

Tsssss… Bat ba sa lahat ng tao dito sa mundo,ako pa ang nabiyayaan ng ganitong buhay.

Wala na ngang nanay at tatay. May Uncle at Aunty pa na kontrabida.

Ako na. Ako na talaga. Nasaan ang korona?? Gusto ko nang suotin eh.

**“Ano ba Tonyang?? Mapapaos na ako kakasigaw. Ayaw mo paring makinig?”** galit na bulyaw na naman sakin ni Uncle.

“Andiyan na po,inaayos lang ang kama ng prinsesa”,mahinang sabi ko habang tinitiklop amg kumot.

Bumaba na ako ng aking kwarto at tumungo na sa kusina.

Ako lang naman kasi ang kanilang tagpagluto “kuno” na ginagawa din naman tagalinis ng bahay at taga laba ng mga damit nila.

Well,wala na akong magagawa. Hindi naman nila magawang utusan ang nag iisang anak nila na aking pinsang lalaki. Prinsipe nga dito ng bahay eh.

Oo nga pala. Ipakikilala ko sa inyo ang aking napaka SWEET na pinsan.

Siya si Jesriel. Isang college student na din pero mag fi-first year pa lang.

Sweet siya in the sense na parang every week nalang iba iba ang girlfriend.

Halos lahat na siguro ng babae nabighani na niya.

Sweet diba?? Kulang nalang langgamin at kuyugin siya ng mga bubuyog. (evil laugh)

Hindi ko naman siya masisisi.

Chinito, maputi, matangkad at may sex appeal din itong pinsan ko.

Ngunit ang ugali lang parang hindi ko ma explain.

May pinagmanahan kasi eh. Heheh.. Alam niyo na kung kanino. XD

Pero kahit ganun siya close din kami.

Para lang aso at pusa minsan.

Natapos na akong magluto at inihanda na ang mga pagkain sa mesa.

HRTM student kasi ako. Kaya ngayon ako ang nagsisilbi sa "amo ko" este sa aunty, uncle at pinsan ko.

"Nakahanda na po ang pagkain",sigaw ko sa kanila.

Unang lumapit ng mesa si Jesriel na kakatapos palang maligo.

Kumain ito na parang walang makakapigil.

Ayos din tong pamilya na to eh. Hindi man lang nag intay na magkasabay silang kumain.

Tatlo nga lang sa bahay nag uunahan pa!

Maya maya sumunod na din sina Aunty at Uncle.

At ang huling kumain walang iba kundi ako.

Hindi kasi ako makapag concentrate kumain kapag kumakain sila.

Utos dito utos doon.

Tagakuha ng plato pagkatapos kumain ng isa.

Punas dito punas doon.

Kaya naman nagpapahuli nalang akong kumain.

Pagkatapos kumain ay sinimulan ko na ring maglinis ng bahay.

Hindi naman gaano kalakihan ang bahay nila ngunit nauubos talaga energy ko sa tuwing naglilinis ako dito.

Parang gusto ko nga mag almusal ulit pagkatapos.

Para naman magka powers ulit tong katawan ko. heheh

**“O sha!!Pagbutihin mo ang  paglilinis ng bahay at magsisimba na kami”** sabi sakin ni Auntie habang nagsusuot ng kanyang sandals sa sala.

Linggo nga pala ngayon at ako lang lagi ang naiiwan sa bahay.

“Mabait na po ba kayo pagbalik niyo dito?”pabiro kong tanong sa kanya habang naka puppy face.

**“Wag ka nang maingay diyan,maglinis ka nalang.”**parang galit niyang sagot.

“Sige po ingat kayo!”,sinambit ko habang energetic na kumakaway na parang gusto ko na talaga silang umalis.

Pagkaalis nila agad akong pumunta sa kwarto at kinuha ang aking digi cam .

Bumaba ako papuntang sala at linapag ang camera sa mesa.

Sinelf time ko ito ng 5 seconds na nakaharap sa may pintuan.

At ako naman dali dali nagpose sa pintuan pagka pindot ko sa cam.

“CLICK”.sinabi ng kamera!

Pero joke lang. tunog pala ng kamera hindi naman ito nakakapagsalita.

Sakto lang ang timing ko at nagpose na parang super model kasabay ng pag flash nito.

Well wag na kayong magulat dahil ito ang hobby ko.

Ang mag picture2. Sinabi ko na din kanina diba??introduction pa lang.:)

Kinuha ko ang kamera at pagkakita ko nanlaki ang aking mga mata.

Parang ganito ------ > (     O      ) (      O      )

Oo..nanlaki siya dahil pagka piture ko pala napasama pagkuha sa likuran ko ang aking ultimate crush na nag dadrive ng motor.

Ang swerte ko naman na sa pagdaan niya nakatingin pa siya sa pintuan namin. :D

Pero HUUUUWWWWWAATTT??? Nakatingin siya?

Nag pose pa naman ako na parang super model. (wag na kayong umangal sa SUPERMODEL thingy..:)) )

Anak ng tipaklong naman oh!!

Nakatawa pa siya dito.

Nakakahiya naman.

“Pero at least may picture ako sa kanya kasama ako” nakangiting bulong ko sa aking sarili.

# When Vanity Strikes
Sinulat Ni 143SuperBOY

//Entry 2. TENSION

Di ko parin matanggal sa isipan ko ang nangyari kanina.
But at the same time nahihiya ako sa kanya.
Gaga talaga ako. Pero inaamin ko na ang gwapo niya sa digi cam ko.
Kailan ka ba magiging akin??
Hug mo ko. Hug mo ko. PBB teens. XD Umandar na naman itong kamanyakan ko..ERASE ERASE!!>.<

Nga pala ipinagmamalaking kong ipakilala sa inyo ang aking ULTIMATE crush.
Ang dahilan ng aking pag gising sa umaga.
Ang knight in shining motorcycle ko.
At ang nagbibigay kuryente ng puso kong patay na patay sa kanya. (OA lang talaga pagkaka describe??)
Si Joshua Gibson. Di ko na siya i-dedescribe. Alam niyo naman mga typical na gusto ng babae.
Matangkad, maputi, makinis ang balat, maganda ang tindig, matalino at may nakakatunaw na killer smile.
(Hindi ko talaga dinescribe noh?? ELABORATED na talaga..xoxo)

Nakikita ko palang siya sa malayo namumula na ako.
Hindi lang dahil sa kagwapohan niya ako nabibighani.
May mabuti din siyang puso.
Pinupuntahan ang mga batang walang makain sa lansangan at pinapakain niya ito.
Kahit mayaman sila hindi siya Angas-Angasan.
Napakabuti talaga niya. WAAAHHH…kailan niya ba ako mapapansin?? Iyon talaga ang pinakapangarap ko.

Mga quarter to 12 na nang tanghali nakauwi sina Aunty.
Siyempre bilang SUPER YAYA nila, nakahanda na ang pagkain.
Sanay na din naman ako sa everyday routine na to.
Pagpapakita na rin itong pagtatrabaho ko ng utang na loob sa kanila.

Nang matapos na silang kumain agad naghiwalay ang VOLTES 3.:D
Si aunty papunta sa parlor niya. Si Uncle naman may pupuntahan daw na kasosyo sa trabaho at si Jesriel andito sa bahay nakatutok sa TV. Basketball ata eh. Adik pa naman to sa Basketball.
***I'm scrolling through my cellphone for the 20th time today*
*I'm reading the text you sent me again*
*Though I memorized it anyway*

*It was an afternoon in December*
*When it reminded you of the day*

*When we bumped into each other*
*But you didn't say hi coz I looked away***

**Ano ba yan Tonyang?? Ang ingay ingay naman!!**, sigaw ng aking pinsan.
"Oo na po andiyan na!" sigaw na sagot ko din sa kanya.

***Cause it's 12:51 and I thought my feelings were gone*
*But I'm lying on my bed thinking of you again*
*And the moon shines so bright but I gotta dry these tears tonight*
*Cause you're moving on and I'm not that strong to hold on any longer***

**"Sasagutin mo ba tong maingay na cellphone mo o itatapon ko ito sa labas??**"naiiritang sambit na naman ni Jesriel sa akin.
Minadali ko ang pagbaba ng hagdan para patayin ang aking pinsan.
Pero joke lang. Linapitan ko ang aking cellphone na nakapatong sa divider malapit sa TV.
Pinindot ko ang accept button at nagsabing "YOU ARE NOW FRIENDS WITH JOSHUA".
Joke ulit. Ano to facebook??
Umayos ka Tonyang. Ito totoo na talaga.
Sinagot ko ang tawag.
"Hello?text ba to??" pabiro kong sinabi.
"Ikaw talaga best friend, palabiro ka pa din hanggang ngayon",natatawang sagot niya.
"Oy best napatawag ka?"
"Pauwi na kasi ako dyan galing province, sinabi ko kina daddy at mommy na mag sto-stop over ako dyan ngayon. Malapit na kami. Gusto ko na kasing makita best friend ko eh."
"Touch naman ako sayo best to the HIGHEST GALAXY..hehehe"
"Sige ha. Maghanda ka dahil pagdating ko dyan mamamasyal tayo ng bonngang bongga.. Sige bye!"
"Bye din"
At dito nagtatapos ang storyang ito.

Echos lang…bwahahaha…

Nagtungo agad ako sa aking kwarto at doon nagbihis.
Sinout ko ang isang pink shirt, skinny jeans at sneakers.
Nag headband at nag lip gloss ng kaunti.. CHADA…

Presenting candidate no.1, malay niyo..malay niya..malay nating lahat...MALAYSIA!!bwahahah
“Ano batong writer na to puro nalang kalokohan.. Umayos ka na oy!!”
Sige na nga ito na wala ng echeng..Mamaya na lang. XD

Bumababa na ako ng kwarto ko at doon nag intay sa may sala.
Nakatulog na pala ang aking pinsan sa upuan kaya ako na ang nagpatay sa TV.
Mga 15 minuto ang nagdaan. May kumatok nang pintuan.
“tok, tok, tok”
Pagbukas ko ng pinto bumungad sa akin ang aking ever beautiful na best friend.
Si Jennifer Aquino.
Ang anak ni NoyNoy Aquino sa labas.
Hindi..Biro lang.
Siya ang bunso sa apat na magkakapatid nina Mr. and Mrs. Anastisimo Aquino Jr.
Simple lang din manamit si Jennifer. Ngunit kahit simple lang eh tumitingkad pa rin kagandahan niya.
Mistisa, sexy at POUTY LIPS ang aking best friend. Di gaanong katangkaran ngunit pag naka heels talo pa ang miss universe sa kanyang pagrampa.
Minsan nga natotomboy ako eh.
**"Sino ba nandyan??"**may biglang umalingawngaw sa sala na wari ba galit na galit.
Napagtanto ko nalang na nagising na pala si Jesriel. Nakahawak sa beywang at nakasalubong ang magkabilang kilay.
Naku nagising si Jesriel baka masigawan pa niya itong si Best Friend ko.
"Tara alis na tayo!" pagmamadali kong sabi kay Jennifer sabay hawak sa kamay niya.
"Ano ba bestfriend? Can i take even one minute to have a rest?Nakakapagod kaya ang byahe?",she insisted.
**"At saan ka pupunta? Hoy hoy hoy...may trabaho ka pa dito noh"**,sabi ng pinsan ko.
"Alas 3 pa kasi.. Babalik ako agad.",malumanay na sabi ko sa kanya. Pero biglang sumigaw si Jennifer.
"Uhmm,excuse me?did you just said HOY to my best friend?" nabigla ako sa sinagot ni Jennifer.
**"Oo,anong paki mo?"**
"May paki ako. You freak. How dare you said that to my best friend. Did your parents taught you some manners,even just a bit?"
**"Whatever with your english2. Basta dito lang siya at WALANG aangal."**
"Fine."
At biglang kinuha ni jennifer ang aking kamay at sumigaw..."RUN!!".
Wala na din akong nagawa. Tumakbo kami papalabas ng bahay. Hindi man lang alintana ang pagsusuot niya ng heels.. Wow ha!! Iba talaga tong best friend ko.
Lumingon ako sandali sa likuran at nakita ko si Jesriel na tumatawa hawak hawak ang isang bagay.
"Jen, stop!!", ako naman ngayon ang nag insist sa kanya.
Tumigil din siya sa pag takbo at binitiwan ang kamay ko.
"But why?" mataray pa rin niyang sagot.
"Eh,yung pinsan ko hawak niya ang digi cam ko".
"What?bat di mo dinala?"
"Kasi...."

Bago ko pa matapos ay biglang lumapit si Jennifer papunta sa kanya at tinanggal ng dahan dahan ang mga sandals.
Ako --------------------- > bxhjvgfcjkdbvhjsdnvsm,bchjsbm,x!!,na te-tense na ako.

"Ano kaya ang gagawin nitong BFF ko??"

# When Vanity Strikes

Sinulat Ni 143SuperBOY

//Entry 3. SUPERMODEL

“ Bukod kay Jennifer eh ang digi cam ko na rin ang aking pangalawang Best Friend.
Saan man ako magpunta ay dala dala ko ito.
Sa mall, sa school at maging sa wattpad..
( Teka lang..Joke lang yung sa wattpad...XDDDD )
Para bang twin sister ko na nga eh.
Pwede ko pa lang paliguan ito ay naisama ko na din sa pool at shower..heheh

Bigla akong nahimasmasan sa pagpapakilala ko sa aking digi cam sa inyo ng may narinig akong tunog…
PPPPPPAAAAAAAKKKKKKKK…
Gulat na gulat ako ng hahampasin na sana ni Jen ng sandals ang aking pinsan ngunit nahawakan ni Jesriel ang magkabilang kamay nito.
**“Aba, ang tapang naman nitong babaeng ito. Huwag ka nang makipag away! Gusto mo kiss nalang kita?”**pabirong sabi ni Jesriel.
Ngunit parang nangyari na ito noon nang may nakaaway kaming lalaki ah. Si Jen na naman ang nagtanggol sa akin.
Di ko makakalimutan ang nagyari noon kaya nanindig ang aking balahibo ng maalala ko ulit iyon.
Alam niyo ba anong nangyari?
Nabugbog lang naman ni Jen ang lasing na lalaki na nangbastos sa amin.
Sa lahat, ayaw na ayaw kasi ni Jen na nababastos siya at lalo na ako. Siyempre what are bestfriends for?XD
Para sa inyong impormasyon mga readers si Jen kasi ay hindi lang basta maganda at simple.
Anak lang naman kasi siya ng isang Taekwondo trainer. Siyempre bilang anak nito tini-train siya para maging “bar tender”.
Bwahahaha…este Taekwondo player pala.

Eto namang pinsan ko ngayon nag aangas-angasan, hindi kasi alam kung sinong kinakalaban.
“Bitiwan mo nga ako. Kung hindi babaliin ko talaga yang mga buto mo”,pulang pula na si Jen nang sinabi niya iyon.
**“Babaliin mo? Naku naman. Ayoko nyang offer mo. Hug nalang kasi”,**gigil na sagot ni Jesriel habang pilit na kino-cross ang arms ni Jen na para bang gustong mayakap ito.
“Jesriel, bitiwan mo na si Jen. Hindi nalang din ako aalis para wala nang away”, sabi ko sa kanya sabay fake smile.

**“Eto namang pinsan ko oh, ngayon pa nga lang gumaganda ang eksena tsaka mo naman sisirain. Mamaya na. ang seksi kasi nitong bestfriend mo eh. Susulitin ko pa ang time na magkasama kami.”**bulalas na naman ni Jesriel habang higpit na hinahawakan si Jennifer.

Kaya yon. Wlang anu-ano ay naging Super sayan si Jen at nag kamehame wave kay Jesriel. Siya ay tumapon sa Earth at na dissolve na parang Surf Powder..bwaahahaha.

Hindi biro lang. Dahil mukhang naaawa na ang pinsan ko kay Jen kahit hindi naman bagay sa kanya,bigla niyang binitiwan ito at linapag ang digi cam ko sa sahig.

**“Biro lang iyon Jen ha. Sige pwede na kayong mamasyal. Naiinip lang kasi ako kanina.Baka kasi gamitan mo pa ako ng taekwando powers mo.”**

“At biro lang iyon para sayo??Sige palalampasin ko itong nangyari ngayon. Pero wag kang magpakasaya. I’ll turn your life into a nightmare.”

Nag taasan lahat ng buhok ko sa katawan ng marinig ko ang sinabi ni ng bestfriend ko.Siyempre except sa private part. Kayo ha. Wag maging greeny…:D

Ngayon lang kasi siya parang seryoso na magbanta sa isang tao. Oh my gulay!!

Pero may isang sinabi si Jesriel na ikinagulat ko rin.

Alam niya na nagtataekwondo si jen? Ano yun hula lang niya?

Pero hindi eh. Paano niya kaya nalaman ito?

Hmmm…I have to alam it out. (hahha..parang engot lang ang taglish.XD)

Papasok na ng bahay si Jesriel habang kumakaway sa akin.

Ako naman nag akmang susuntokin siya. Nakabwesit lang talaga kasi!

Pagkapasok niya ay pinulot ni Jen ang digi cam ko sa sahig at sinuot ang heels niya.

Wow naman ha. Gusto niya pang mag heels sa nangyari? Like OH EM.. O.o

“Eto na digi cam mo”lumapit siya sa akin at inabot niya ito.

“Tototohanin mo ba talaga sinabi mo kanina?”

“Oo naman best friend noh. That Bulls**t? Hindi ko talaga palalampasin yong ginawa niya. Tingnan lang niya anong gagawin ko.”at nag evil laugh si Jen na parang ganito ---- > HIHIHIHIHI…XD

Ako naman napangiti na din sa pagtawa niya.

“O sige, pero wag yung malala ha. Dapat moderate lang”,nahawa na din ako sa evil plans nitong bestfriend ko.

“Oo nga pala,mamasyal na tayo ngayon. Babawi ako sa ginawa nung hukluban na si Jesriel na yon sa atin. Samahan mo din akong mamili ng school supplies para bukas.”,malumanay na sabi ni Jen.

Oo nga pala. Sunday na ngayon at Monday na bukas,pasukan na nga pala. Excited pa naman akong makita si Joshua dear ko. School mate ko lang siya. <3

“O wag ka nang tumunganga jan. Tayo na!”sabay kuha sa akin ni Jen sa digi cam ko na nakaharap sa akin at pinindot ito sabay sigaw ng “SMILE”..

“Ano ba yan best. Wag ka ngang mang stole ng picture. Ulitin mo para ma kapag pose naman ako ng maganda”,natatawa ako habang inihahanda na din ang SUPERMODEL pose ko.

“Wag na. Mas maganda ang stolen shot. Dapat kasi lagi kang handa.”

Nagtawanan nalang kami habang sabay na naglalakad papuntang eskinita para maghintay ng taxi..

*****di mo alam dahil sa yo<br>ako’y hindi makakain<br>di rin makatulog<br>buhat ng iyong lokohin***

***kung ako'y muling iibig***
***sana'y di maging katulad mo***
***tulad mo na may pusong bato*****

Grabe naman tong si manong. Inlove siguro. Love song talaga pinatugtog dito sa loob.

Andito kami ngayon sa taxi. Aircontioned at ang bango ng air freshener.

Ewan ko ba sa bestfriend ko. Kung nag jeep nalang din sana kami. Tipid pa.

Pero ayos na din sakin. Siya naman magbabayad ng pamasahe ko eh. Hahah.. Always accept every blessings yata tong motto ko eh..

"Manong sa malapit na mall niyo lang po kami"mahinhin na sabi ni Jen.

"Sige po maam!"sagot naman ni mamang driver.

Biglang tinanong naman ako ni Jen na naka cross arms."Ahm, best talaga bang ganun yung pinsan mo? Napakasama ng ugali."

"Hindi naman. Paminsan minsan lang." sabay hawak ko sa balikat niya.

"Cute naman sana siya pero ang sama sama ng ugali."ngayon naka pout na siya.

"Aheheh,nasanay na kasi ako dun eh.Pag pa sensyahan mo na."

"Ah basta. Hintayin niya lang ganti ko. Makikita niya"

Bigla namang sumali samin si mamang driver sa usapan.

"Alam niyo mga miss may kasabihan tayong *The more you hate the more you love*. Kaya wag na kayong mag-away sa lalaking napupusuan niyo. Love each other agad."

Di rin pala adik sa love songs itong driver na to ah. Nakiki esyoso din. Bwhahaha

"Talaga manong? Eh kung bumaba kami dito at hindi ka naming bayaran? Gusto mo?"pabiro na tanong ni Jen.

"Ay wag naman ganun mga eneng. Maawa na kayo sa uugod ugod na katulad ko."

"Kaya nga eh. Hindi niyo gusto iyan diba? Parang pag dadrive lang po kasi iyan. Kung gusto niyong mabilis ede walang makakapigil. Kung mahina naman pagpapatakbo mo nasa sayo na na yan. Kaya mag drive nalang kayo jan."puzzled ako sa sinabi ni Jen na kalaunan ay na gets ko na din. Usesero kasi tong mamang driver eh. Yan tuloy.

"Oh andito na po tayo maam",seryoso na si Manong driver na nagsalita sa amin.

"Sige salamat po, heto na ang bayad. Keep the change na din po"sabay abot ni Jen ng 500 pesos sa driver at unang bumaba ng taxi.

"Ang laki naman po nito maam?"gulat na gulat ang driver.

"Ayaw niyo po mamang driver? sakin na lang po ang sukli ha."akmang kukuha ako ng barya sa lalagyan niya ng pera.

"Hep hep hep",hinarangan niya ako. "Keep the change na nga eh. Naninigurado lang. Eto oh piso."

"Ang kuripot niyo naman. Sige sa inyo na yan. Bili niyo ng judge."tuwang tuwa ako sa driver na to. Ang kulit lang.

"Salamat po ulit. Pagpalain kayo."at kumaway sa amin ang driver habang nagpapatakbo ng dahan dahan sa kanyang taxi.

Pumasok na kami ng mall at doon kumain at namili ng mga gamit ni Jen.

Sa laki ng mall eh hanggang second floor lang kinaya ko. Nakakapagod kaya. Pasok dito pasok doon.

Hanap..Usap..Deal..bwahahah

Lahat na siguro ng food chain pinasok na namin.

Habang nag uusap kami papunta sa isang BENCH store ay bigla akong napa ubo sa nakita ko.

Nasa loob ng store si Joshua at inaamoy ang mga pabango. Bibili yata siya.
HUUUWWWWAAAA!!!
Para namang nasa isang commercial siya sa TV.
May spark talaga mata niya kahit umaamoy lang siya. WAAAAAA!!!
“HOY bestfriend!!”mahinang pinalo ako ni Jen. “Ano bang nakita mo at abot tenga yang ngiti mo?”
“Ah..wala..wala best..”,nataranta akong sumagot sa kanya.
Maya maya ay nakita niya din si Joshua sa store.
“Ah…Eh nandyan naman pala yang si Joshua mo eh..Ano kidnappin natin?”
Natawa at kinilig ako sa sinabi ni Jen.
“Ano ba…Wag ka nga”
“Siya parin crush mo hanggang ngayon? Buhay nga naman..Pasok nalang tayo don sa loob. Bibili ako ng pabango tapos isiseduce mo siya..hahaha”
Nahimasmasan lang ang smiling face ko sa sinabi ni Jen.
“Anong isiseduce? Baliw ka na. Hindi naman ako ganyan.”
“Eto naman hindi mabiro. Pero pumasok na nga tayo dun” talon ng talon siya habang tinuturo ang store.
Napatango nalang ako ng aking ulo sa hindi maipaliwanag na dahilan. (ang OA lang noh?gusto lang eh..di lang daw paipaliwanag..hahah)

Papasok na sana kami ng pintuan ng may sumigaw mula sa loob.
“Uy supermodel!!”
“Ha???Sino yun??”
Nakita ko nalang si Joshua na kumakaway sa amin habang hawak hawak ang isang mamahaling pabango.
“Ako ba?”tinuturo ko ang aking sarili na gulat na gulat sa nangyayari.
“Oo,ikaw”tinuturo din niya ako habang papalapit sa amin.
Hawakan niyo magkabilang kamay ko guys… Sasabog natong puso ko..WAAAAAHHH!!!
Habang papalapit siya ay kumakabog ng malakas ang dibdib ko. Nag pa palpitate ito.
Eto namang katabi kong best friend. Obvious na obvious ang kilig kaysa sakin. Hinahawakan na shirt ko at talon ng talon.
Bat ba kilala ako nitong crush ko?? Nananaginip lang ba ako??
Please…Kurutin niyo nga ako…WAAAAHHH!!!

# When Vanity Strikes

Sinulat Ni 143SuperBOY

//Entry 4. JACKET

Bumagsak na ata ang lahat ng mga anghel sa langit nang lumapit si Joshua sa akin.

UUWWWAAAA… =)

Ngayon hawak pa rin ng aking bestfriend ang t-shirt ko..

“Ano ba best?? Huhubaran mo ba ako dito??” sabay tabig ko sa kanya.

“Eto namang best friend ko kung maka tabig sa akin wagas. O sige na…Kayo na mag usap ng ANO MO….”

JXDBFJDBJSBZGIUEKEA!! (nag ingay nalang ako para hindi marinig ni Joshua ang sinasabi ni Jen) ….”Huwag ka nang maingay jan JENNIFER AQUINO!!”,tarantang taranta na talaga ako.

**“Uyy.. Supermodel andito ka pala??”**

“Heheh… Oo,sinamahan ko kasi ang best friend kong eto eh..”

“Best??Bakit supermodel tawag niya sayo??” bulong sa akin ni Jen ngunit halata namang linakasan niya na maririnig parin ni Joshua.

Natatawa at nahihiya ako sa tanong nitong best friend ko.

**“Ahhh…. Sa amin nalang iyon ng best friend mo.”**confident na sagot ni Joshua na ikinagulat ko talaga.

“HAHAHAHA… Kayo ha!! May pa secret secret na kayong nalalaman..”,nilakasan na naman ni Jen ang pagsigaw na ikinahiya ko na naman..

“Ano ba best… Nakakahiya na dito sa loob… Pinagtitinginan ka na ng mga tao oh!!”,at yumuko nalang ako na hindi na talaga makatingin kay Joshua.

**“Supermodel, may ibang lakad pa ba kayo pagkatapos niyong mamili dito??”**,offer sa amin ni Joshua sabay hawak sa balikat ko.

“Ah.. Wala wala”, gulat na gulat ako kaya napaatras nalang ako.

“Ahmm.. Joshua! Tawagin mo nalang siyang Antonia. Parang hindi na kasi kami magka level pag Supermodel parin ang tawag mo sa kanya eh. Ako din pala si Jennifer..”,sabay smile ng best friend ko sa kanya.

**“Ok Antonia at Jennifer!! Kung wala na kayong pupuntahan, samahan niyo nalang ako. Mag dance revo tayo..PLEASE”..**parang natutunaw na talaga ako sa pag spark ng mga mata niya. UWWWAAA…

“Siyempre naman sasamahin ka namin.. YES talaga. Super-duper BIG CHECK!!. Diba bestfriend??, nag beautiful eyes ang BFF ko sa akin.

“Oo na!!”,parang napipilitan kong sagot.  Hindi ko naman matatanggihan itong BFF at lalo na ang ultimate crush ko eh..Chance ko na to na makilala siya ng lubusan, pakakawalan ko pa ba?.NEVER!!.. Bwahahahah.. Kalandian lang talaga.^^

Kaya yon binayaran muna nina Joshua at Jen ang binili nilang pabango. Hindi naman sana bibili itong BFF ko eh pero dahil sa kanya pumasok kami dito at nagkakilala ni Joshua. Ang tragic naman ng unrequited love ko.. I mean romantic pala.. XDD

Papalabas na kami ng pintuan nang may tumunog..

TITITITITITITIT…

Akala niyo may ninakaw kami noh?? Bwahahaha…. Eto talaga ang totoong tumunog. XD

***“Coz it’s twelve fifty one.***
***And I thought my feelings were gone.***
***But I’m lying on my bed,***
***Thinking of you again”***

**“Sagutin mo na!! Baka importante yan”**, malumanay na sabi ni Joshua.

“Oo nga best.”, nag second the motion na naman tong isang to. : )

“Hello??” mahinhin kong sagot sa phone.

**“Hoy tonyang!!! Bumalik ka na dito.. Ano? Paghahapunin mo ba kami ng hangin?? Marami pa kaming gagawin kaya magluto ka na dito”,** opposite sa sagot ko ang bumungad sa akin.

“Kailangan PO ba talagang sumigaw?? Cellphone PO ito.. Hindi PO megaphone.”

**“Wala akong pakialam. Basta umuwi ka na dito dahil kung hindi sa labas ka matutulog ngayon.”**

“Sige po.. Wait lang PO kayo ha.. Lilipad na si Darna papunta diyan. Bye!!”

**“Oh.. sinong yung tumawag??”**, interested na tanong ni Joshua.

“Si Uncle.. Pinapauwi na niya kasi ako eh.”

“Sige best umuwi ka na. Uuwi na rin ako. Baka hinahanap na din ako nila mommy.”

“ Pasensya na talaga Joshua. Next time nalang! Sorry talaga ha.”, nakasimangot ako habang sinasabi ko iyon sa kanya.

**“Ayos lang yon.. May next pa naman. Labas tayo ulit ha?? Nakakatuwa kasi kayong kasam eh.”**,

“ Iintayin namin yang next time Joshua ha..hahahah.. Sige mauna na ako sa inyo. Malayo pa lalakbayin ko eh.”,nag wink itong BFF ko sa akin na alam ko na kung ano ang plano.

Pero bago siya umalis kinuha niya ang hawak hawak kong digi cam.

“Picture muna kayong dalawa.”, excited siya at  magkadikit naman kami ni Joshua nang mag flash ang cam.

“Sige bye sa inyo, bukas ko nalang to ibabalik sayo best!!, binilisan ni Jen ang paglalakad na hawak hawak pa rin ang digi cam ko.

“Bye!!”, magkasabay naming sagot ni Joshua.

Nang makaalis na si Jen, naiwan kaming naglalakad palabas ng mall ni Joshua. Nag bublush na talaga ako. Hindi ko man nakikita sarili ko eh feel ko na talaga. (FEELER ako ngayon.. slight lang naman.. -_- )

**“Ahmm.. Sabay ka na sakin pag uwi.. Kapit bahay naman kasi tayo eh.”**

“Wag na Josh…ua… Nakakahiya naman.. Sasakay nalang ako ng taxi.”, bumalik na naman ang pag palpitate ng puso ko.UUWWWAAA…

**“Sige na supermodel… Isang subdivision lang naman tayo naninirahan eh. Doon din kaya kita nakita.”**

Nakita niya talaga akong nag pose sa may pintuan namin…Naku naman… ^^

At dahil sa hindi ko matanggahin si Joshua eh sumabay na din ako sa kanya.

Pumunta kami sa parking lot ng mall at doon niya kinuha ang blue with white accent na motor niya. Nagsuot siya ng isang helmet at black na jacket.

**“Tayo na. Angkas ka na.”**

“Oo……Sige.” Para na talaga akong ewan na hindi gaanong makapagsalita. Alam mo yung feeling na parang nasa langit ka na?? ( Para namang nakapunta na sa langit!!.. BWAHAHAHA)

Ang lamig lamig ng hangin sa labas habang tumatakbo ang motor kaya parang naninigas na ako. Napansin naman ito ni Joshua kaya tinanong niya ako.

**“Nilalamig ka ba?? Suotin mo itong jacket ko.”**, hininto niya ang motor sa tabi ng daan.

“Wag na. Nahihiya na talaga ako sayo.”

**“Sige na.. Suotin mo na ito.”**,hinubad niya ang kanyang jacket at ibinigay sa akin.

“Salamat Joshua ha.”, ang bait bait talaga niya. Sino ba naman ang hindi maiinlove sa lalaking ito.hahah

Umaambon na ng nag babyahe kami kaya binilisan ni Joshua ang pagpapatakbo.

Dumating kami sa subdivision mga 5:00 na ng hapon. Kaya masaya ako dahil makakapagluto pa ako.

Pagbaba ko sa tapat ng bahay ay biglang bumuhos ang ulan kaya nagmadali akong pumasok ng gate.

“Bye Joshua. Salamat nga pala sa paghatid mo.”, nag wave ako ng aking kamay ngunit mahinhin pa rin. Ayokong ipakita sa kanya ang wild side ko noh. BWAHAHAH…

**“Bye Antoni….. Super model na lang.. hahahah….”**, kumaway din siya sa akin at mabilis na nagpatakbo upang hindi masyadong mabasa ng ulan.

“Naku. Ang jacket niya! Hindi ko po na babalik. Ang bango pa naman nito… T_T ”, mahinang bulong ko ngunit may biglang sumigaw mula sa loob.

**“Tonyang!! Pumasok ka na dito at magluluto ka pa. Ang bagal bagal mo talaga.”**

Nagmadali akong pumasok ng bahay at tumungo agad sa kusina. Nagluto at pagkatapos inihanda na sa mesa ang mga pagkain.

Nang matapos na silang kumain ay kumain na rin ako.

Panay ang aking ngiti habang sumusubo ng pagkain. Da best na araw talaga ito. Ang swerte swerte ko naman. :D

**“Hoy pinsan. Ang saya mo ngayon ah. Nag enjoy ka noh?”**, biglang sumingit si Jesriel sa harap ng mesa.

“Ano sa tingin mo? May nakangiti bang bad trip?” , biglang nagtaray ako ng makita ko siya.

**“Eto naman galit pa. Sorry na nga eh.”**

“Hoy JESRIEL. Wag na wag mo na ulit iyon gagawin ha. Please lang.”

**“Oo na PO. Pero ipakilala mo naman ako don sa bespren mo oh. Ang GANDA niya kasi!!”**, ngumiti ito na abot hanggang tenga.

“Ano ka sinuswerte?? Magkatuluyan man kami ni Joshua ay hindi ako papayag noh.”, napadulas ata ako at bigla kong napasama si Joshua sa usapan.

**“Ikaw pinsan ah. May pagnanasa ka pala kay pareng Joshua?? Hmmm.. Ano kaya reaksyon nun pag sinabi ko na may gusto ka sa kanya.”**

“Ahhh ehhh… Joke lang yung kay Joshua noh!! Ikaw naman hindi mabiro”

**“Ah basta.. Pag hindi mo ako inilakad kay Jennifer ay sasabihin ko kay Joshua ang lahat.”**

“Ano kasi…”

Bago pa ako makapag salita ay bigla nalang umalis ang hukluban kong pinsan at ako naman naiwan na tulala.

Ano ba naman tong ginawa ko. Kakilala pa naman ni Jesriel si Joshua. UUUWAAAA….

Nagligpit na ako ng hapag-kainan at naghugas na ng mga pinggan.

Hindi pa rin ako nakakarecover sa sinabi ng pinsan ko.

Pero paki ko. Bahala na si Superman kung sabihin man ni Jesriel na may gusto ako sa kanya.

Hindi sila bagay ng BFF ko noh. Natural lang naman din magkagusto eh. Manigas siya!!

Ilang minuto ang nagdaan ay pumasok na rin ako ng aking kwarto.

Humiga ako sa aking kama at kinuha ang jacket ni Joshua.

Talo ko pa ang aso sa pag amoy-amoy ng jacket niya.

Nakita ko na may maliit na Superman logo ito.

WAAAHHH.. Ang favorite character ko pa.

May isang nakakuha din ng aking atensyon sa pag kalikot ko ng kanyang Jacket.

Nakita ko sa loob ang isang maliit na puting tela. Ito ay kadugtong ng jacket na para bang sadyang tinahi talaga.

Nakasulat dito ay :

IF LOST CALL OR TEXT 0905*******..

OMG!! Jacket? May “call or text” thingy?? HUUWWWAAATTT???

Tawa ako ng tawa ng makita ko iyon. Hindi ko akalain na isusulat yon ni Joshua. Halata kasi na sulat kamay ng tao eh.Sigurado din ako na siya ang may gawa. Nakapag check na kasi ako ng test paper niya noon nung highschool pa kami. English teacher kasi nila ang adviser namin. ^^

HAHAHHAHAHAH… Hindi ko talaga mapigilan ang tumawa. Sumasakit na nga tiyan ko eh… May pagka weird din pala tong crush ko.. WAAAAAHHH…

Ang saya talaga ng araw ko ngayon… Sana bukas naman.. PASUKAN na kasi.. :DD

At natulog na ako para maagang magising bukas.

# When Vanity Strikes

## Sinulat Ni 143SuperBOY

In the succeeding entries pag pasensyahan niyo na lang po ang English grammar. Focus more on the story nalang. BWAHAHAH..
//Entry 5. FIRST DAY

Napakalamig ng panahon nang iunat ko ang aking mga kamay habang humihikab.
Mga bandang 3:30 ako nagising bago pa man marinig ang human alarm clock ko.

Salamat naman at hindi pa siya nagising. Ang sakit din sa tenga eh. Alam na ninyo sino!

Pagkatapos kung ayusin ang aking kama ay bumaba na ako para makapagluto na sa kusina.
Inspired din siguro akong maagang magising ngayon dahil pasukan na mamaya.
Marami na namang gwapo na higher years at cute na mga freshmen.
Siyempre ang my beloved din na si Joshua. Now kalandian activated.bwahahah..XDD

Kumuha ako ng manok sa ref at breading mix.
Fried chicken ang iluluto ko ngayon para madaling matapos.
Hindi naman nagrereklamo ang tatlong yon eh. Kain lang alam nila.
Nasanay nang walang ginagawa.HAAAY..=_=

Bago ko linuto ang manok ay inuna ko muna ang kanin tapos sinunod ko na ang pag fry nito.
Mga 4:00 na nang maihanda ko ang pagkain sa mesa.
Nag init na rin ako ng tubig para sa kape nila.

Maya maya tumunog ang cellphone ko at may natanggap akong text message.
Kinuha ko ang phone sa aking bulsa at binasa ito.

**"Good Morning BFF. Handa ka na ba mamaya? Excited na ako.",** si Jen pala nag text.
**"P.S. Wag na wag magpapakita yang Jesriel sa akin mamaya. Kundi makikita niya",** nakasulat sa dulo nang i-scroll down ko ito.
Alam na din pala ni Jen na doon papasok ng college ang pinsan ko. Kanino pa ba niya malalalaman?? Ede sa ever chikadora nya ding BFF. :D
"Kitakits nalang mamaya best..^^", yun lang reply ko sa kanya habang naglalakad papunta sa kwarto ng Aunty at Uncle ko para pababain na sila.

Kakatok palang sana ako sa pinto nang biglang bumungad sa akin ang ever halimaw kong Uncle.XD.
Pagkabukas palang niya ng pinto ay nakataas na ang mga kilay na wari ba'y leon na ilang taon nang gutom na gustong kumain.
Ganyan naman siya lagi. Ningitian ko na lang siya at nag greet ng good morning sabay peace sign.

Inisnob niya lang ako at tumungo na papuntang kusina.
Ganun din ang ginawa ni Aunty na nasa likuran lang niya kanina.
Nasabi ko nga sa sarili ko na scripted yata sila araw araw eh. Pare parehas ng trip. Snob party lang te??!!

Habang kumakain sila ay pumunta na ako ng banyo para MALIGO.
Try niyo kumain sa banyo!:D.
Di nga rin ako sumasabay sa kanila diba?? O.o

**SPLASH!!**

"ANG LAMIG NAMAN", sigaw ko habang bumubuhos ng isang tabo ng tubig sa aking katawan.
Feel free lang akong magsisigaw sa banyo dahil dito lang ako hindi pinapagalitan.
Wala ring nakakarinig kaya.
Nag shampoo na rin ako at nagsabon.
At ang pinaka hobby kung gawin sa banyo?? Hindi ang mag picture2 noh,mababasa lang.
Aside don ay ang ginagawa ng lahat ng tao sa banyo, ang kumanta.
YES, hidden talent ko lang naman ito.
Ang BFF ko lang ang nakakaalam na may kagandahan din ako.
Ang aking boses. BWAHAHAH..

Di man sa nagmamayabang ako pero maganda boses ko,sabi na din ng aking bestfriend. Ang pagkanta na rin kasi ang nakahiligan ko talagang gawin specially sa banyo.
Pag pumupunta rin ako kanila Jen ay nakaka score nga ako ng 100 sa videoke eh. XD

Ito madalas kong kantahin "Million Bucks by Cimorelli"

*"You and me on a summer night,*
*Park that car, dancing in the headlights,*
*You and I, late night drives,*
*Your hand in mine, and all your time,*
*I don't need money in my pocket, diamonds on my neck,*
*The time I spend with you I know I'll never forget,*
*You and me, is more than enough,*
*'Cause you make me feel like a Million Bucks"*

Nakakarelate kasi ako sa kantang ito.
Kaya favorite kong kantahin.
Ilang minuto lang ay timing na huminto ako sa pagkanta at may kumatok ng pinto.

**TOK TOK TOK.**

**“Tonyang!! Bilisan mo na jan. Pagkatapos mong maligo ay puntahan mo si Jesriel sa kwarto niya at gisingin mo ito.”**,sigaw ng aking Aunty.
“Opo”,ano ba naman yang Jesriel na yan.
Ang laki laki na ngunit ang tagal magising. Nagmadali akong naligo at lumabas na ng banyo.

Pumunta agad ako sa kusina at kumain ng konti.
Tumungo sa aking kwarto at nagbihis ng aking uniporme.
Simple lang ang aming uniform. Striped white blouse tapos above the knee na black skirt at tacked in ito.
Black close shoes din kami dapat.
At dahil first day of school ngayon ay sinuot ko ang aking 2-inches na sapatos.

Kinuha ko ang aking camera at linagay ito sa aking shoulder bag.
Dali dali ako bumaba ng kwarto pagkatapos mag ayos at mag apply ng konting lipstick.
Nagmadali talaga ako dahil 6:00 na.

“Hoy Jesriel. Bumaba ka na jan. Ang bagal bagal mo naman. May pasok pa tayo.”,sigaw ko sa may pintuan ng kanyang kwarto.

Tila wala pa ring epek ang ginawa ko kaya kumatok ako ng kumatok sa pinto niya upang mag ingay. At sa wakas narinig kong sumigaw din siya pabalik sa akin.

**“What the eff… Ang ingay ingay mo. Andyan na, andyan na!!”,**tila napapaos niyang sigaw at may tumunog din na kung anong bagay papunta sa pintuan.

***JESRIEL’s POV (Point Of View)***

**“You know what? I have to confess something.”**, she touched my hands and looked straight forward to my eyes. Her face was so angelic that I couldn’t stop my heart from pounding irregularly.

**“I really like you Jesriel. I was so shy before but now I am ready to confess it and accept whole heartedly what you’ll say in return.”,** her eyes twinkled as she uttered those sweet lines.

**“Uhmm.. Jennifer, you confessed at the right person…because…because I also like you. When I first met you I felt like falling in love in just 3 seconds. You are the perfect woman for me.”** she was astonished by what I have said and her eyes sparkled as if there were butterflies in her belly.

I can't really stop myself when my face slowly begins to move closer to her. She closed her eyes as if she was expecting what will happen next. I also closed my eyes and now we are about to kiss.

Then later a voice from a distance blurted.

**"jkdkd Jesriel. Jsbdsjkck na jan. Ang nbsxjsk mo naman. May jdbjda tayo".**
I still can't recognize whose voice it was and what she was talking about. She talks in a rapid and choppy way.

